# 5 minutong ang halaga ay isang BUHAY



PH

## ANO ANG MAMMOGRAPHY SCREENING?

Inaalok ng mammography screening ang**maagang pagdetekta** ng anumang maliit na sugat, bago pa man madama ang mga ito sa paghipo.

Kaya makakikilos na ngayon, na makadaragdag sa pag-asa ng **mabisang paggagamot**, na hindi kasing-agresibo para sa babae at may mas mataas na pag-asang gumaling.

Ang pag-screen ay para sa lahat na babaeng residente, na nananahan at pinangangalagaan sa Emilia-Romagna, na inimbitang magpa-mammogram **bawat taon sa pagitan ng mga edad na 45 at 49 at bawat dalawang taon sa pagitan ng mga edad na 50 at 74**.


Ang **mammogram** ay isang X-ray ng suso at isa itong pagsusuri na **simple, libre at aabutin lang ng ilang minuto**.

**MAMMOGRAPHY SCREENING SA EMILIA ROMAGNA**

## BAKIT KAILANGANG SUMALI SA MAMMOGRAPHY SCREENING?

- Dahil ang pagsali sa pag-screen sa Emilia-Romagna ay **nakababawas sa posibilidad na mamatay dahil sa kanser sa suso nang 56%**.
- Dahil inaalok nito **ang pinakamataas na kalidad at katumpakan** sa pag-diagnose, at magkahiwalay na tinatasa ng dalawang radiologist ang mammogram.
- Dahil ito ay **libre lahat at organisado**, mula sa mammogram hanggang sa anumang diyagnosis at paggagamot.

### NATUTUKOY NG PAG-SCREEN ANG KANSER SA SUSO



45-49 TAON
**1 SA 300 BABAE ANG NASURI**

50-69 TAON
**1 SA 164 BABAE ANG NASURI**

70-74 TAON
**1 SA 95 BABAE ANG NASURI**

**- 56% posibilidad na mamatay**

## MAPANGANIB O MASAKIT BA ANG PAGSUSURI?

Para maisagawa nang wasto ang pagsusuri, dapat na ipitin ang suso. Nakararanas ang ilang babae ng kaunting hirap o pananakit, pero tatagal lang ito ng ilang segundo.

**Napakababa ng dosis ng X-ray na ginagamit** at nagbibigay ng mga larawan na napakataas ang kalidad, na napakaliit ng pagkakalantad.

## ANO ANG MANGYAYARI KUNG NEGATIBO ANG MAMMOGRAM KO?

**NEGATIBONG MAMMOGRAM**

↓

**TUGON NA LIHAM** IPAPADALA SA PAMAMAGITAN NG KOREO/ELEKTRONIKONG RECORD NG KALUSUGAN

↓

**IMBITASYON SA PAG-SCREEN**
Pagkalipas ng dalawang taon (50-74 taon gulang)
Pagkalipas ng isang taon (45-49 taon gulang)

Napagpasyahan na imbitahin ang mga kababaihang may edad na 45 hanggang 49 taon gulang bawat taon dahil napakadalas ng pagbigat ng suso sa mga edad na ito at nililimitahan nito ang posibilidad ng pagdetekta ng mga kahina-hinalang pagbabago gamit ang mammography.

## ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAY KAHINA-HINALA SA MAMMOGRAM KO?

**KAHINA-HINALA/POSITIBONG MAMMOGRAM**

↓

Ipapatawag para sa **MALALIMANG PAG-DIAGNOSE** (karagdagang mammogram/ enlargement, ultrasound, atbp.)

↓

Pag-refer sa **SURGERY** para sa hinihinalang kanser sa suso

**NEGATIBONG RESULTA** →

**IMBITASYON SA PAG-SCREEN**
Pagkalipas ng dalawang taon (50-74 taon gulang)
Pagkalipas ng isang taon (45-49 taon gulang)

## ANO ANG MGA LIMITASYON NG PAG-SCREEN?

Madalang na nangyayari (nasa 1 sa bawat 1,500 kababaihan), pero posibleng pagkatapos ng negatibong mammogram at bago ang susunod na checkup, ay mabuo ang kanser: **importanteng palaging pansinin ang anumang pagbabago sa mga suso** at, kung mangyayari iyon, makipag-ugnayan sa doktor mo o sa Screening Center.

Madedetekta ng mammography ang mga tumor na napakaliit, pero may tinatayang 15-30% ng mga kanser ang hindi nadedetekta sa pamamagitan ng screening. Posible rin sa mammography na matuklas ang mga tumor na mabagal ang paglaki (nasa 10%) na hindi magbibigay sa babae ng anumang problema sa kalusugan ("overdiagnosis").

Dumating sa appointment:
limang minuto, bawas sa alalahanin mo.

## NAGHAHANAP NG DAGDAG NA INFO?

Bumisita sa page

**Makatatawag ka sa amin**

*Numero Verde*
800 033 033

mula Lunes hanggang Biyernes 8.30 am – 6.00 pm
Tuwing Sabado: 8.30 am – 1.00 pm

Regione Emilia-Romagna
SERVIZIO SANITARIO REGIONALE EMILIA-ROMAGNA
screening femminili
UNA SEMPLICE SANA ABITUDINE